## MGA KARAPATAN SA PAG-APELA (APPEAL RIGHTS)

Sa ilalim ng Pampangasiwaang Kodigo ng Washington (Washington Administrative Code, WAC) 388-02-0525 at Binagong Kodigo ng Washington (Revised Code of Washington, RCW) 34.05.464, magiging pinal ang kautusang ito pagkalipas ng petsa ng pagpapadala, maliban na lang kung:

1. Ikaw o ang alinmang panig ay maghahain ng apela (kahilingan para sa pagsusuri) sa Board of Appeals sa loob ng 21 araw sa kalendaryo pagkalipas ng petsa kung kailan ipinadala ang kautusang ito (tingnan ang petsa ng pagpapadala sa Deklarasyon ng Serbisyo sa itaas); o
2. Ikaw o ang alinmang panig ay maghahain ng kahilingan para sa pagpapalawig ng 21 araw na deadline, at matutukoy ng hukom sa pagsusuri na mayroon kang katanggap-tanggap na dahilan para sa pagpapalawig sa ilalim ng WAC 388-02-0580(2); o
3. Ikaw o ang alinmang panig ay maghahain ng nahuling kahilingan para sa pagsusuri na hindi hihigit sa 30 araw sa kalendaryo pagkalipas ng 21 araw na deadline, at matutukoy ng hukom sa pagsusuri na mayroon kang katanggap-tanggap na dahilan para sa nahuling kahilingan para sa pagsusuri sa ilalim ng WAC 388-02-0580(3).

Ang mailing address para sa paghahain ng kahilingan para sa pagsusuri ay:

Board of Appeals
P.O. Box 45803
Olympia, WA 98504-5803

Kung pipiliin mong maghain ng kahilingan para sa pagsusuri, puwede mong gamitin ang form at mga tagubilin na kasama sa kautusang ito.

**Halimbawa ito na nagbibigay ng pangkalahatang impormasyon para matulungan kang maihambing ito sa mga dokumentong natanggap mo.**

## PETISYON PARA SA PAGSUSURI SA INISYAL NA PASYA (APELA) (PETITION FOR REVIEW OF INITIAL DECISION (APPEAL)

Mag-print o mag-type ng mga detalyadong sagot. Magdagdag ng higit pang pahina kung kinakailangan. Puwede mong gamitin ang iyong sariling form.

| (MGA) PANGALAN (PAKI-PRINT) | Numero ng Kaso<br>NUMERO NG DOCKET | NUMERO NG AHENSYA |
|---|---|---|

| MAILING ADDRESS | LUNGSOD | ESTADO | ZIP CODE |
|---|---|---|---|

AREA CODE AT NUMERO NG TELEPONO

Pakipaliwanag kung bakit mo gustong mabago ang inisyal na kautusan. Subukang maging partikular. Halimbawa, sabihin sa amin:

1. Kung bakit sa tingin mo ay mali ang pasya (bakit ka hindi sumasang-ayon dito).
3. Kung paano dapat baguhin ang pasya.
2. Kung aling mga napag-alamang impormasyon ang mali.

Humihiling ako na suriin ang inisyal na pasya dahil…

Naglakip ako ng ___ (na) pahina.

| I-PRINT ANG IYONG PANGALAN | LAGDA | PETSA |
|---|---|---|

**Deadline: Matatanggap sa o bago sumapit ang ika-21 araw mula sa petsa ng pagpapadala ng Inisyal na Pasya**

Ipadala Sa: Board of Appeals
P.O. Box 45803
Olympia, WA 98504-5803

**Halimbawa ito na nagbibigay ng pangkalahatang impormasyon para matulungan kang maihambing ito sa mga dokumentong natanggap mo.**



HALIMBAWA

HALIMBAWA

Kung Hindi Ka Sumasang-ayon
Puwede Kang Umapela

1. **DEADLINE para sa Apela**: Dapat na matanggap ng Board of Appeals ang iyong apela sa loob ng dalawampu't isang (21) araw sa kalendaryo mula sa petsa ng pagpapadala na nakasaad sa nakalakip na pasya sa pagdinig. Dapat itong matanggap sa o bago sumapit ang ika-21 araw, kung hindi ay mahuhuli ito at posibleng hindi ito tanggapin. Pakipadala nang maaga mula sa deadline para mapaglaanan ng panahon para maihatid. Kung hindi ka aabot sa deadline, posibleng mawala ang lahat ng iyong karapatan na iapela ang pasya.
2. **Kung Kailangan Mo ng Karagdagang Oras**: Puwedeng iantala (ipagpaliban, palawigin) ng Hukom sa Pagsusuri ang deadline, ngunit dapat mong hilingin ito sa loob ng dalawampu't isang (21) araw na limitasyon sa oras.
3. **Sino ang Puwedeng Umapela**: Sa pangkalahatan, kahit sino na direktang apektado ng pasya.
4. **Paano Umapela**: Gamitin ang nakalakip na form o gumawa ng iyong sarili. Dapat mong ipadala o ihatid sa Board of Appeals (tingnan ang address sa ibaba) ang Apela. Tiyaking magtabi ng kopya.
5. **Mga Kopya sa Iba Pang Panig**: Dapat kang magpadala o maghatid ng kopya ng apela (at mga kalakip) sa bawat iba pang panig sa kasong ito.
6. **Ano ang Susunod na Mangyayari**: Ipagbibigay-alam ng Board of Appeals sa lahat ng panig kapag makatanggap ito ng Apela o ng kahilingan para sa karagdagang oras. Babasahin ng Hukom sa Pagsusuri (Review Judge, RJ) ang lahat ng dokumentong nauugnay sa kaso at papakinggan niya ang audio recording ng pagdinig. Isasaalang-alang din ng RJ ang batas at mga argumento na isusumite ng mga panig. Puwedeng magpasya ang RJ kung isasaalang-alang ang bagong katibayan (bagay na hindi naisaalang-alang sa pagdinig). HINDI mangangasiwa ng bagong pagdinig ang RJ. Pagkatapos ay magsusulat ng pasya ang RJ at ipapadala niya ito sa lahat ng panig. Ang RJ ay puwedeng sumang-ayon sa pasyang iniaapela o puwede niya itong baguhin. Ang RJ ay puwedeng mag-utos ng bagong pagdinig at/o bagong pasya. Kung hindi ka sumasang-ayon sa pasya ng RJ sa apela, magagawa mong umapela sa kataas-taasang hukuman, o hilingin sa RJ na isaalang-alang muli, o pareho. Makakatanggap ka ng higit pang impormasyon tungkol sa susunod na antas ng mga karapatan sa apela kapag natanggap mo ang pasya sa pagsusuri.
7. **Kung Kailangan Mo ng Tulong**: Kung may tao na kumatawan sa iyo (gaya ng abogado o kaibigan) sa pagdinig, makipag-ugnayan sa kanya. Kung sa tingin mo ay mangangailangan ka ng abogado o legal na payo, makipag-ugnayan sa CLEAR Line ng Northwest Justice Project sa (888) 201-1014. Walang garantiyang makakapaglaan para sa iyo ng libreng abogado.
8. **Mga Pagsasalin at Mga Problema sa Paningin**: Kung hindi ka nagbabasa at nagsusulat sa English, puwede kang magsumite at makatanggap ng mga dokumento na nasa iyong sariling wika. Kung may problema ka sa paningin, mayroon kang karapatang magsumite at makatanggap ng mga dokumento na nasa alternatibong format gaya ng Braille o dokumentong may malalaking titik. Ipagbigay-alam sa Board of Appeals ang iyong mga pangangailangan.

**Ipadala o ihatid ang iyong Apela (Kahilingan para sa Pagsusuri) sa TANGGAPAN NG MGA APELA:**

| MAILING ADDRESS | LOKASYON NG PERSONAL NA SERBISYO |
|---|---|
| BOARD OF APPEALS<br>P.O. BOX 45803<br>OLYMPIA WA 98504-5803 | DSHS Board of Appeals<br>1115 Washington Street SE<br>Olympia, Washington 98501 |
| FAX | TELEPONO (para sa higit pang impormasyon) |
| 1-360-664-6187 | 1-360-664-6100<br>1-877-351-0002 (toll free) |

**Halimbawa ito na nagbibigay ng pangkalahatang impormasyon para matulungan kang maihambing ito sa mga dokumentong natanggap mo.**

HALIMBAWA